# PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA

**Delie Ann V. Mata**
**Romeo A. Pilongo**

Graduate School, FEU Roosevelt, Cainta, Rizal, Philippines

:
Corresponding author's email: delieanne09@gmail.com

## ABSTRACT

Layunin ng pag-aaral na ito na maunawaan at mailarawan ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino sa antas elementarya, partikular sa Baitang 3 hanggang 6. Tinutukoy rin nito ang mga hamong kanilang kinakaharap, ang mga estratehiyang ginagamit upang mapagtagumpayan ang mga ito, at ang mga mungkahing programang maaaring maisakatuparan batay sa kanilang mga karanasan. Ginamit sa pananaliksik ang disenyong kwalitatibong penomenolohikal upang mailahad ang aktuwal na karanasan ng mga kalahok. Ang mga kalahok ay binubuo ng piling guro sa Filipino mula sa mga pribadong paaralan, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa itinakdang pamantayan. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng panayam gamit ang semi-istrukturang gabay na tanong, at sinuri ang mga ito sa pamamagitan ng tematikong analisis. Lumabas sa pag-aaral na ang pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay ay isang masalimuot ngunit makabuluhang proseso. Kabilang sa mga pangunahing hamon na naranasan ng mga guro ang kakulangan sa bokabularyo at kasanayan ng mga mag-aaral, kahirapan sa pagbuo at pag-oorganisa ng ideya, limitadong oras, at kakulangan sa kagamitang panturo. Sa kabila nito, gumagamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggabay sa proseso ng pagsulat, pagbibigay ng mga halimbawa, paggamit ng angkop na gawain, at pagbibigay ng feedback upang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ang pagbuo ng mga programang tututok sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsulat at pagbibigay ng suporta sa mga guro. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na mahalaga ang papel ng guro sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay, at kinakailangan ang patuloy na paglinang ng mga estratehiya at suporta mula sa institusyon upang mapabuti ang pagtuturo ng pagsulat sa antas elementarya.

**Mga Susing Salita:** pagsulat ng sanaysay, karanasan ng guro, penomenolohiya, Filipino, elementarya

## PANIMULA

Ang pagsulat ng sanaysay ay isa sa pinakapayak ngunit pinakamahalagang anyo ng pagpapahayag sa wika. Sa pamamagitan niyo ay naipahahayag ng tao ang kanyang iniisip, nadarama, pananaw o opinyon hinggil sa iba't ibang bagay o isyu sa Lipunan. Hindi lang ito limitado sa akademikong gawain kundi ito rin ay isang kasangkapan upang makilahok ang isang indibidwal sa diskursong panlipunan tulad ng mga sanaysay sa pahayagan, talumpati, at iba pang anyo ng panitikan. Sa sistemang pang-edukasyon ng ating bansa, ang sanaysay ay bahagi ng mga gawaing pampagkatuto na nakapaloob sa ating kurikulum mula elementarya hanggang sa kolehiyo.

Sa asignaturang Filipino, mahalagang malinang sa mga mag-aaral ang iba't ibang kasanayang pangwika upang maging mahusay sila sa paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon. Isa sa mga kasanayang ito ang pagsulat, na nagsisilbing paraan upang maipahayag ang kaisipan, damdamin, at pananaw ng isang indibidwal. Hindi lamang ito nakatuon sa teknikal na aspeto, sapagkat itinuturing din itong isang malikhaing gawain na nangangailangan ng sapat na kaalaman sa wika, kakayahang maayos na mailahad ang ideya, at husay sa pagpapahayag nang lohikal at organisado. Ipinakikita rin na ang kasanayang ito ay hindi agad natutuhan sa iisang pagkakataon, kundi nahuhubog sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagsasanay, paggabay, at makabuluhang karanasan sa pagkatuto.

Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd, 2016), layunin ng pagtuturo ng Filipino sa ilalim ng K to 12 na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral na makipag-ugnayan nang epektibo gamit ang wika. Kaugnay nito, hinahangad na malinang ang kanilang kahusayan sa iba't ibang paraan ng komunikasyon upang maging malinaw at makabuluhan ang kanilang pagpapahayag. Dagdag pa rito, ipinapakita sa gabay pangkurikulum sa Filipino para sa baitang 1 hanggang 10 na ang pagsulat ay hindi lamang simpleng kasanayan, kundi isang proseso kung saan nabubuo ang kahulugan. Sa pamamagitan nito, natututo ang mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang sarili, magsuri ng mga ideya, at makilahok sa mas malawak na usaping panlipunan.

Gayunpaman, nananatiling hamon sa mga mag-aaral lalo na sa elementarya ang pagbuo ng sanaysay na malinaw, maayos, at masining. Madalas, sila ay nahihirapang buoin at i-organisa ang kanilang mga ideya. Ipinapakita sa pag-aaral nina Lopres, Dela Cruz, at Villanueva (2023) na nahihirapan ang mga mag-aaral sa elementarya sa pagsulat ng sanaysay, lalo na sa aspeto ng paggamit ng angkop na wika at pag-oorganisa ng mga ideya nang lohikal. Sa parehong direksyon, natuklasan nina Yusuf at Yusuf (2021) na sa iba't ibang bansa sa Asya, kabilang ang Pilipinas, marami pa ring mag-aaral ang hindi ganap na nakakapagpahayag ng kanilang saloobin sa pagsusulat dahil sa kakulangan sa bokabularyo at hindi sapat na pagsasanay sa wikang gamit sa paaralan. Kaugnay nito, binigyang-diin naman ni Reyes (2020) na ang kakulangan sa interes, oras, at suporta ng guro ay nakaaapekto sa kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsulat. May mga pagkakataon ring nahihirapan silang gumamit ng tamang salita dahil sa kulang na sila sa bokabularyo sa mga salitang Filipino, nahihirapan rin silang maglahad ng maayos na pagkakasunod ng mga ideya sa pagbuo ng pangungusap. Mayroon pang ibang bata na nilalagyan ang bilang ng pangungusap nila dahil lamang nakalagay sa panuto ng guro na kailangan ay may



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

lima o higit pang pangungusap. Ang mga problemang ito ay direktang nararamdaman ng mga gurong nagtuturo sa Filipino, sa wikang Ingles magaling ang mga bata. Kahit pa malalalim na salitang Ingles ay alam nila kung ano ang ibig sabihin, ngunit kung tagalog kahit simpleng salita ay hindi nila maunawaan. Kaya nga ang mga karanasan ng mga guro—maging ito man ay mahirap, matagumoay, o puno-punong ng pagkamalikhain ay nagsisilbing salamin ng aktuwal na kalagayan ng pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa umiiral na praktika ng pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay.

Ilang pag-aaral ang naglalahad ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat at sanaysay. Ipinapakita ng mga ito na ang karaniwang suliranin sa pagkatuto ay ang limitadong bokabularyo, kahinaan sa pagbuo at pag-aayos ng ideya, at kakulangan sa interes sa pagsulat. Natukoy rin sa mga pag-aaral na nahaharap ang mga guro sa mga hamon sa paggabay sa proseso ng pagsulat dahil sa limitadong oras, magkakaibang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, at kakulangan sa angkop na estratehiya sa pagtuturo (Reyes, 2020; Yusuf & Yusuf, 2021).

Gayunpaman, bagama't may mga umiiral na pag-aaral hinggil sa kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay at sa mga kaugnay na suliranin, karamihan sa mga ito ay nakatuon sa antas ng pagganap at resulta ng kanilang mga gawain. Mayroon ding ilang pananaliksik na sumusuri sa kasanayan sa pagsulat, subalit nananatiling limitado ang mga pag-aaral na nagbibigay-pansin sa aktuwal na karanasan ng mga guro, partikular sa antas elementarya, bilang pangunahing tagapagpadaloy ng pagtuturo ng sanaysay. Dahil dito, hindi pa ganap na nauunawaan ang mas malalim na aspeto ng mga hamon, estratehiya, at pananaw ng mga guro sa kontekstong ito.

Sa ganitong kalagayan, mahalagang pagtuunan ng pansin ang aktuwal na karanasan ng mga guro sa loob ng silid-aralan. Ang kanilang mga pinagdaanan—maging ito man ay puno ng hamon, tagumpay, o pagkamalikhain—ay nagsisilbing repleksyon ng tunay na kalagayan ng pagtuturo ng sanaysay sa kasalukuyang panahon. Sa pagsusuri ng mga karanasang ito, mas mauunawaan kung anu-anong salik ang nakaaapekto sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, pati na rin kung aling mga estratehiya ang nagiging epektibo sa iba't ibang sitwasyon.
Higit pa rito, nagiging mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat hindi lamang nito tinatalakay ang mga teknik sa pagtuturo, kundi binibigyang-diin din ang personal at propesyonal na karanasan ng mga guro bilang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto. Sa ganitong paraan, matutukoy ang mga paulit-ulit na suliranin, mapipili ang mga angkop na estratehiya, at masusuri kung paano nakaaapekto ang mga karanasang ito sa kanilang pag-unlad bilang guro at sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral.

## Kaligiran ng Pag-aaral

Ang wika ay hindi lamang nagsisilbing kasangkapan sa komunikasyon, kundi isa ring mahalagang repleksyon ng kultura, kaisipan, at pagkakakilanlan ng isang lipunan. Sa pamamagitan nito, naipahahayag ng tao ang kanyang damdamin, karanasan, at pananaw hinggil sa mga pangyayari sa kapaligiran. Isa sa mga mabisang anyo ng pagpapahayag ay ang pagsulat ng sanaysay, na nagbibigay-daan sa maayos at malikhaing pagbuo ng mga ideya at sa pagtalakay ng mga usaping panlipunan.

Dahil dito, ang kasanayan sa pagsulat, lalo na sa sanaysay, ay kinikilalang mahalagang bahagi ng pagtuturo ng Filipino, kasama ng iba pang makrong kasanayan sa wika tulad ng pakikinig, pagsasalita, at pagbasa. Sa kasalukuyang panahon, ang pagsulat ng sanaysay ay patuloy na itinuturo bilang mahalagang bahagi ng kurikulum sa asignaturang Filipino sa iba't ibang antas ng batayang edukasyon. Batay sa K to 12 Curriculum ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd, 2016), ang kasanayan sa pagsulat ay kabilang sa mga pangunahing sangkap ng komunikatibong kakayahan na dapat malinang upang maging epektibo ang paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon. Kaugnay nito, binibigyang-diin sa DepEd Order No. 31, s. 2012 ang paghubog sa mga mag-aaral bilang mapanuri, malikhain, at may kakayahang magpahayag ng sariling kaisipan sa iba't ibang konteksto.

Samantala, sa ilalim ng MATATAG Curriculum (2024), higit pang pinagtitibay ang kahalagahan ng literasi sa wika at panitikan bilang pundasyon ng pagkatuto. Sa ganitong balangkas, itinuturing ang sanaysay bilang isang mahalagang kasangkapan sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at sa pagpapahayag ng makabuluhang ideya, na mahalaga sa paghubog ng mga mag-aaral bilang responsableng mamamayan.

Sa kabila nito, ipinakikita ng ilang pag-aaral at obserbasyon na nananatiling hamon ang epektibong pagtuturo ng pagsulat sa wikang Filipino, lalo na sa larangan ng sanaysay. Isa sa mga nakikitang salik ay ang pagbabago sa paggamit ng wika ng mga mag-aaral, kung saan mas nangingibabaw ang Ingles sa pang-araw-araw na komunikasyon at sa digital na espasyo. Dahil dito, nagiging limitado ang kanilang kakayahang magpahayag sa Filipino, na makikita sa kahinaan sa gramatika, kakulangan sa bokabularyo, at hindi organisadong pagbuo ng ideya.

Mula sa personal na karanasan bilang guro, napapansin din na may mga mag-aaral na nahihirapan kahit sa pagbuo ng simpleng pangungusap at sa wastong paggamit ng mga bantas. Sa ganitong kalagayan, mahalaga ang papel ng guro bilang tagapagpadaloy ng pagkatuto at tagapagtaguyod ng paggamit ng wika. Sa pamamagitan ng kanilang aktuwal na karanasan sa silid-aralan, mas mauunawaan kung paano nila hinaharap ang mga hamon sa pagtuturo, kabilang ang kakulangan sa oras, kagamitan, at interes ng mga mag-aaral. Ang mga karanasang ito ay hindi lamang sumasalamin sa kanilang propesyonal na tungkulin kundi nagbibigay rin ng mas malinaw na larawan ng kasalukuyang kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa mga paaralan.

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng sanaysay sa mga mag-aaral mula Baitang 3 hanggang Baitang 6. Layunin nitong mailahad ang kanilang mga naranasan—maging positibo man o negatibo—upang masuri ang kanilang pananaw sa proseso ng pagtuturo. Inaasahan na ang mga natuklasan mula sa pag-aaral na ito ay makatutulong sa pagpapabuti ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya.

## Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ipinapakita sa iba't ibang pag-aaral na ang pagsulat ng sanaysay ay mahalagang bahagi ng paglinang ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral. Ayon kina Lopres, Dela Cruz, at Villanueva (2023), nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo at pag-oorganisa ng ideya sa pagsulat. Sinusuportahan ito nina Yusuf at Yusuf (2021)



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

na nagsasabing ang kakulangan sa bokabularyo at pagsasanay ay nakaaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag.

Sa pananaw naman ni Reyes (2020), ang kakulangan sa interes at suporta ay nakaaapekto sa kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsulat. Kaugnay nito, ipinapakita rin sa iba pang pag-aaral na nahaharap ang mga guro sa iba't ibang hamon tulad ng kakulangan sa oras, kagamitan, at angkop na estratehiya sa pagtuturo.

Samantala, ipinapakita rin na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng process-based writing, collaborative learning, at paggamit ng teknolohiya ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Buod ng mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga kaugnay na pag-aaral na ang pagsulat ng sanaysay ay isang mahalagang kasanayan na nangangailangan ng sapat na paggabay at pagsasanay. Gayunpaman, maraming hamon ang kinahaharap ng mga mag-aaral at guro sa prosesong ito. Ipinakikita rin na ang paggamit ng angkop na estratehiya ay may malaking epekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat.

**Teoretikal na Batayan**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teorya ni Brown (2000) na nagsasaad na ang pagkatuto ng wika ay isang prosesong interaktibo na nangangailangan ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at paggabay ng guro, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika, kabilang ang pagsulat ng sanaysay.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakabatay sa Language Learning Theory ni H. Douglas Brown (2000) na tinalakay sa kanyang aklat na Principles of Language Learning and Teaching. Ipinapaliwanag sa teoryang ito na ang pagkatuto ng wika ay isang masalimuot na proseso na kinasasangkutan ng kognitibo, lingguwistiko, at emosyonal na aspekto. Binibigyang-diin dito na ang paglinang ng kasanayan sa wika, kabilang ang pagsulat, ay hindi lamang nakasentro sa pag-unawa sa gramatika kundi higit sa kakayahang makapagpahayag ng ideya, kahulugan, at damdamin sa isang makabuluhang paraan.

Ayon kay Brown (2000), may mahahalagang prinsipyong dapat isaalang-alang sa pagtuturo at pagkatuto ng wika. Kabilang dito ang pagbibigay-halaga sa kahulugan kaysa sa estruktura ng wika, ang pagtingin sa pagsulat bilang isang prosesong may iba't ibang yugto tulad ng pagpaplano, pagsulat, at pagrerebisa, ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kahulugan, at ang pagkilala sa impluwensya ng mga salik na afektibo gaya ng motibasyon, tiwala sa sarili, at pagkabalisa sa kanilang pagkatuto.

Ang teoryang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa Filipino bilang bahagi ng pagkatuto ng wika. Sa pamamagitan ng perspektibo ni Brown,

naipapakita kung paano naiaangkop ng mga guro ang mga prinsipyong ito sa kanilang pagtuturo—tulad ng pagbibigay-diin sa makabuluhang komunikasyon, paggamit ng proseso sa pagsulat, at paglinang ng interaksyon sa loob ng silid-aralan. Sa ganitong paraan, mas nauunawaan ang mga estratehiya, pananaw, at karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng sanaysay bilang mahalagang bahagi ng paglinang ng komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral.

## Konseptuwal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Language Learning Theory ni H. Douglas Brown (2000) na tumatalakay sa mga salik na nakaaapekto sa epektibong pagkatuto ng wika. Ipinapaliwanag sa teoryang ito na ang pagkatuto ay hindi lamang simpleng pagkuha ng kaalaman, kundi isang proseso na kinasasangkutan ng kognitibo, lingguwistiko, at emosyonal na dimensyon. Sa prosesong ito, ang mag-aaral ay aktibong kalahok sa pag-unawa at paggamit ng wika sa makabuluhang konteksto.

Mula sa ganitong pananaw, ang pagsulat ng sanaysay ay itinuturing na higit pa sa simpleng aplikasyon ng mga tuntunin sa gramatika. Ito ay isang tuloy-tuloy na proseso na binubuo ng pagpaplano, aktwal na pagsulat, at pagrerebisa. Kasabay nito, may mahalagang papel din ang mga salik na afektibo tulad ng motibasyon, kumpiyansa sa sarili, at saloobin ng mga mag-aaral, pati na rin ang paraan ng paggabay ng guro, sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat.


Sa kontekstong ito, ipinapalagay ng pag-aaral na ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa Filipino ay hinuhubog ng ugnayan ng ilang mahahalagang salik, gaya ng:

1. Ang mga estratehiyang ginagamit ng guro na nakaangkla sa komunikatibo at prosesong lapit sa pagtuturo;
2. Ang motibasyon at saloobin ng mga mag-aaral bilang bahagi ng aspektong afektibo ng pagkatuto; at
3. Ang mga hamon at aktuwal na karanasan ng guro sa pagpapatupad ng mga prinsipyong ito sa loob ng silid-aralan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng konseptuwal na balangkas na ang pagiging epektibo ng pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay ay nakasalalay sa interaksyon ng guro, mag-aaral, at proseso ng pagsulat, alinsunod sa mga prinsipyong inilatag ni Brown (2000). Sa pamamagitan ng pag-unawa sa ugnayang ito, mas nagiging malinaw ang karanasan ng mga guro at ang mga salik na maaaring makatulong sa pagpapahusay ng pagtuturo ng pagsulat sa wikang Filipino.



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035




Pigura 1. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

Ipinapakita sa pigurang ito ang ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa Filipino para sa mga mag-aaral sa Baitang 3 hanggang 6. Itinuturing ang mga guro bilang pangunahing pinagmumulan ng datos, kung saan ang kanilang mga karanasan sa pagtuturo ay naglalahad ng iba't ibang hamon na kanilang kinahaharap, gayundin ang mga estratehiyang kanilang ginagamit upang mapabuti ang kanilang pagtuturo.

Makikita rin na ang mga karanasang ito ay may impluwensya sa mismong proseso ng pagtuturo ng sanaysay at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, naipapakita ng balangkas na ang karanasan ng guro ay nagsisilbing mahalagang batayan sa paglinang ng mas angkop at epektibong pamamaraan sa pagtuturo, pati na rin sa paghubog ng kanilang mga pananaw at pagninilay tungo sa patuloy na pagpapabuti ng edukasyon.

**Pahayag ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na ito na maunawaan at mailarawan ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa Filipino sa antas elementarya. Partikular, sinasagot ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan:



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

Ano ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya?
Ano ang mga hamong kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay?
Ano ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay?
Anong mga mungkahing programa ang maaaring mabuo batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

**Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagtalakay sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino para sa mga mag-aaral mula Baitang 3 hanggang 6 sa antas elementarya. Layunin nitong mailarawan at maunawaan ang kanilang mga karanasan kaugnay ng kanilang mga gawain sa pagtuturo, ang mga hamong kanilang kinahaharap, at ang mga estratehiyang ginagamit upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga karanasang ito, inaasahang makapagbibigay ang pananaliksik ng mahahalagang pananaw na maaaring magsilbing batayan sa pagpapabuti ng pagtuturo ng pagsulat sa Filipino sa antas elementarya.

Binubuo ang mga kalahok ng piling guro sa asignaturang Filipino mula sa mga pribadong paaralan ng FEU Roosevelt sa Cainta, Marikina, at Rodriguez. Pinili sila batay sa itinakdang inclusion criteria, tulad ng: (1) kasalukuyang nagtuturo ng Filipino sa Baitang 3 hanggang 6, (2) may hindi bababa sa dalawang taong karanasan sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay, at (3) boluntaryong pumayag na lumahok sa panayam. Sa pamamagitan ng pamantayang ito, natiyak na ang mga kalahok ay makapagbabahagi ng makabuluhan at kaugnay na karanasan na tumutugon sa layunin ng pag-aaral. Nilimitahan din ang bilang ng mga kalahok upang maisagawa ang mas masusing pagsusuri, alinsunod sa disenyo ng pananaliksik na penomenolohikal.

Saklaw ng pag-aaral ang iba't ibang yugto ng pagtuturo ng sanaysay—mula sa pagpaplano ng aralin, pagtuturo ng istruktura at gramatika, pagbibigay ng halimbawa at gabay, hanggang sa pagtataya ng mga gawaing pasulat. Kasama rin dito ang pagsusuri sa mga hamon na nararanasan ng mga guro, gaya ng kakulangan sa oras, kagamitan, at motibasyon ng mga mag-aaral, pati na rin ang mga estratehiyang ginagamit upang mapanatili ang kanilang interes at pagkatuto sa pagsusulat.

Hindi kabilang sa saklaw ang iba pang anyo ng sulatin tulad ng liham, tula, talata, o malikhaing pagsulat. Gayundin, hindi tinatalakay sa pag-aaral ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral, pagsusuri ng kurikulum, o pananaw ng mga magulang at administrador. Ang mga datos ay nakabatay lamang sa karanasan, obserbasyon, at pananaw ng mga gurong kalahok.

Sa kabuuan, nakatuon ang pananaliksik sa pagtuturo ng sanaysay bilang kasanayang pangwika sa Filipino sa antas elementarya. Sa ganitong paraan, nagiging malinaw at tiyak ang layunin nitong mailarawan ang aktuwal na karanasan ng mga guro at makapagbigay ng rekomendasyon para sa mas epektibong pagtuturo ng pagsulat sa sistemang pang-edukasyon.



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga pamamaraang ginamit ng mga mananaliksik upang maunawaan ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa Filipino sa antas elementarya. Tinalakay sa bahaging ito ang disenyo ng pananaliksik, lugar ng pag-aaral, mga kalahok, instrumento ng pananaliksik, paraan ng pangangalap ng datos, paraan ng pagsusuri ng datos, at mga etikal na konsiderasyong isinagawa upang matiyak ang kredibilidad at integridad ng pag-aaral.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang disenyong penomenolohikal, isang uri ng kwalitatibong pananaliksik na nakatuon sa pag-unawa at paglalarawan ng mga aktuwal na karanasan ng mga kalahok batay sa kanilang sariling pananaw at interpretasyon. Ayon kay Creswell (2018), ang penomenolohiya ay nakapokus sa pag-aaral ng mga karanasang may mahalagang kahulugan sa buhay ng isang indibidwal. Sa pamamagitan nito, natutukoy ng mananaliksik ang pinakapunto o esensya ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

Angkop ang ganitong disenyo sa layunin ng pag-aaral sapagkat hindi lamang nito inilalarawan ang mga karanasan ng mga guro, kundi sinusuri rin kung paano nila binibigyang-kahulugan ang kanilang mga naranasan—kabilang ang mga hamon at tagumpay sa pagtuturo. Sa tulong ng malalimang panayam, naipapakita ang pagkakatulad at pagkakaiba ng pananaw ng bawat guro hinggil sa pagtuturo ng sanaysay, at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang pedagogikal na gawain at sa pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral.

### Lugar ng Pag-aaral

Isinagawa ang pag-aaral sa FEU Roosevelt, isang pribadong non-sectarian na institusyong pang-edukasyon na matatagpuan sa silangang bahagi ng Metro Manila at lalawigan ng Rizal.
Ang FEU Roosevelt ay binubuo ng tatlong kampus: Cainta, Marikina, at Rodriguez, at nagbibigay ng edukasyon mula elementarya, junior at senior high school, hanggang sa antas ng tersyarya.
Ang institusyon ay kilala sa patuloy na pagsusulong ng academic excellence, innovation, at character formation, alinsunod sa misyon ng Far Eastern University Group of Schools na paghandain ang mga mag-aaral at guro sa mga hamon ng ika-21 siglo.

### Mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay binubuo ng walong (8) guro sa Filipino na nagtuturo sa Baitang 3 hanggang 6 mula sa FEU Roosevelt Cainta, Marikina, at Rodriguez. Sila ay pinili batay sa kanilang aktwal na karanasan at patuloy na pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa asignaturang Filipino.

Nagmula ang mga kalahok sa iba't ibang antas ng karanasan—may mga baguhan at mayroon ding matagal nang nagtuturo. Sa ganitong paraan, nabigyang-daan ang mas



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

malawak na pagtingin sa iba't ibang pananaw ukol sa mga hamon at estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng sanaysay. Binigyan din ang bawat guro ng pagkakataong maipahayag ang kanilang karanasan, saloobin, at pananaw kaugnay ng pagtuturo ng pagsulat sa antas elementarya.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Sa pag-aaral na ito, ginamit bilang pangunahing instrumento ang isang semi-structured interview guide na binuo ng mananaliksik alinsunod sa mga layunin ng pananaliksik. Nilalaman nito ang mga bukas na tanong na naglalayong mailahad ng mga guro ang kanilang karanasan, pananaw, mga hamon, at estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng sanaysay sa Filipino.

Upang matiyak ang bisa ng instrumento, ito ay sumailalim sa pagsusuri ng mga eksperto na nagtapos ng master's degree—kabilang ang isang may MAEd at dalawang may MAFil. Sinuri nila ang kalinawan, kaangkupan, at kaugnayan ng mga tanong sa layunin ng pag-aaral. Batay sa kanilang mga mungkahi, isinagawa ang ilang rebisyon upang mas mapabuti ang porma at nilalaman ng mga tanong.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa tatlong pangunahing yugto.

Sa unang yugto, nagpadala ang mananaliksik ng liham sa pamunuan ng FEU Roosevelt upang humingi ng pahintulot na magsagawa ng panayam sa mga napiling guro.

Sa ikalawang yugto, isinagawa ang oryentasyon ng mga kalahok at ang pagpirma nila sa informed consent form. Nakasaad dito ang layunin ng pag-aaral, ang proseso ng panayam, at ang mga patakaran ukol sa pagiging kumpidensiyal ng mga impormasyong makakalap.
Sa ikatlong yugto, isinagawa ang mga panayam batay sa oras at araw na napagkasunduan ng mananaliksik at ng mga kalahok.

Matapos ang mga panayam, isinalin at inayos ng mananaliksik ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng transcription. Pagkaraan nito, isinailalim ang mga datos sa thematic analysis upang matukoy ang mga umuusbong na tema at kaisipang kumakatawan sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa Filipino.

**Paraan ng Pagsusuri ng Datos**

Ginamit ng mananaliksik ang Thematic Analysis nina Braun at Clarke (2006) upang sistematikong suriin at mabigyang-kahulugan ang mga datos mula sa isinagawang panayam. Ang paraang ito ay angkop sa kwalitatibong pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa pagtukoy ng mga pattern o tema mula sa mga tugon ng mga kalahok. Sa pamamagitan nito, mas naipapakita ang pinakapunto ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng sanaysay sa Filipino.

Isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

1. Pagpapamilyar sa Datos – Ilang ulit na binasa at pinakinggan ng mananaliksik ang mga transkrip ng panayam upang ganap na maunawaan ang nilalaman at konteksto ng mga sagot.

2. Pagbuo ng mga Paunang Kodigo – Tinukoy ang mahahalagang pahayag at ideya mula sa mga tugon ng mga guro na may kaugnayan sa kanilang karanasan, mga hamon, at estratehiya sa pagtuturo ng sanaysay.

3. Pagbuo ng mga Tema – Pinangkat ang magkakaugnay na mga kodigo upang makabuo ng mga temang kumakatawan sa mga pattern ng karanasan.

4. Pagsusuri at Pagrepaso ng mga Tema – Sinuri ang bawat tema upang matiyak na ito ay kumakatawan sa kabuuang datos at may malinaw na ugnayan sa iba pang tema.

5. Pagpapangalan at Paglalarawan ng mga Tema – Binigyan ng angkop na pangalan at malinaw na paglalarawan ang bawat tema upang maipakita ang sentrong ideya nito.

6. Pagbuo ng Interpretasyon – Inilahad at ipinaliwanag ng mananaliksik ang mga temang nabuo, kalakip ang piling sipi mula sa panayam bilang patunay sa interpretasyon.

Upang matiyak ang kredibilidad ng mga temang nabuo, isinagawa ang peer validation. Ang mga tema at subtema ay ipinakita sa isang kapwa mananaliksik na may sapat na kaalaman sa larangan ng pagtuturo ng Filipino. Sinuri niya ang pagkakabuo ng mga ito batay sa mga pahayag ng mga kalahok at nagbigay ng komento upang masiguro na ang mga tema ay malinaw, angkop, at nakabatay sa aktwal na datos. Matapos ang pagsusuri, napagkasunduang ang mga temang nabuo ay wasto at kumakatawan sa kabuuang karanasan ng mga kalahok. Nakatulong ang prosesong ito upang mapataas ang kredibilidad at bisa ng pagsusuri ng datos.

Sa kabuuan, nakatulong ang thematic analysis upang mailahad nang mas malalim ang esensya ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng sanaysay sa Filipino, kabilang ang kanilang mga hamon, estratehiya, at pananaw sa propesyon.

**Mga Etikal na Pagsasaalang-alang**

Ang pananaliksik na ito na pinamagatang “Penomenolohikal na Pagsusuri sa mga Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsulat ng Sanaysay sa Filipino sa Antas Elementarya” ay lubos na isinasaalang-alang ng mga mananaliksik ang mga pamantayang etikal sa pagsasagawa ng pananaliksik upang maprotektahan ang karapatan, kapakanan, at dignidad ng mga kalahok.

1. Malayang Pagpapasiya at Pahintulot (Informed Consent)
Bago ang pangangalap ng datos, humingi ang mga mananaliksik ng opisyal na pahintulot mula sa administrasyon ng paaralan at sa mga kalahok ng pag-aaral. Ang bawat kalahok ay binigyan ng Informed Consent Form na naglalaman ng malinaw na



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

paliwanag hinggil sa layunin ng pag-aaral, proseso ng panayam, haba ng oras ng pakikilahok, at kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang anumang kaparusahan.

2. Pagiging Kumpidensiyal at Anonymity (Confidentiality)
Mahigpit na pinanatili ng mga mananaliksik ang pagiging kumpidensiyal ng lahat ng impormasyong nakalap mula sa mga kalahok. Ang kanilang pagkakakilanlan ay hindi isiniwalat at pinalitan ng pseudonyms o code names upang mapanatili ang anonymity. Ang lahat ng audio recordings, transkripsyon, at iba pang dokumento ay ligtas na iningatan sa secure at password-protected digital storage na tanging mga mananaliksik lamang ang may akses. Ang mga datos ay gagamitin lamang para sa layuning pang-akademiko at sisirain matapos ang itinakdang panahon ng pag-aaral.

3. Prinsipyo ng Non-maleficence at Beneficence
Tiniyak ng mga mananaliksik na ang paglahok ng mga kalahok ay hindi magdudulot ng anumang pisikal, emosyonal, o sikolohikal na pinsala. Isinagawa ang mga panayam sa oras at lugar na komportable at maginhawa para sa mga kalahok upang maiwasan ang abala sa kanilang propesyonal na tungkulin. Ang mga tanong sa panayam ay sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto upang matiyak na ang mga ito ay angkop, sensitibo, at hindi makapagdudulot ng anumang pagkabahala.

4. Integridad at Katapatan sa Datos
Ang lahat ng datos na nakalap ay sinuri nang obhetibo at tapat. Hindi binago o minanipula ng mga mananaliksik ang mga sagot ng mga kalahok upang umayon sa anumang personal na pananaw o interpretasyon. Ang pagsusuri at interpretasyon ng datos ay isinagawa nang may mataas na antas ng akademikong integridad. Kinikilala rin ng mga mananaliksik ang paggamit ng mga makabagong kasangkapan tulad ng Artificial Intelligence (AI) bilang suporta sa pagsasaayos ng gramatika at organisasyon ng teksto, subalit pinanatiling orihinal ang kabuuang pagsusuri, interpretasyon, at nilalaman ng pananaliksik.

5. Pagsunod sa Data Privacy Act at Ethical Standards
Sinunod ng mga mananaliksik ang mga probisyon ng Data Privacy Act of 2012 upang maprotektahan ang personal na impormasyon ng mga kalahok. Bukod dito, tiniyak na ang buong proseso ng pananaliksik ay nakaayon sa mga pamantayang itinakda ng institusyon hinggil sa responsableng pagsasagawa ng pananaliksik. Sa pamamagitan nito, napanatili ang kredibilidad, pagiging lehitimo, at etikal na katatagan ng pag-aaral.

## RESULTA

Inilalahad sa bahaging ito ang mga natuklasan mula sa pagsusuri ng mga datos na nakalap sa panayam sa mga kalahok. Gamit ang tematikong analisis, nabuo ang mga pangunahing tema na sumasalamin sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya. Ang mga temang ito ay inuri sa apat na pangunahing kategorya: (1) karanasan ng mga guro, (2) mga hamong kinakaharap, (3) mga estratehiyang ginagamit, at (4) mga mungkahing programa.

### Suliranin 1: Ano ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya?



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

**Tema 1: Mga Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Sanaysay**

Sa bahaging ito, inilalahad at sinusuri ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya, kalakip ang pagbibigay-interpretasyon sa mga datos. Mula sa isinagawang pagsusuri, natukoy ang tatlong (3) subtema: makabuluhang karanasan, mahirap na karanasan, at masayang karanasan. Ipinahihiwatig ng mga subtemang ito ang iba't ibang anyo ng realidad na kinakaharap ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

Makabuluhang Karanasan
Batay sa mga tugon ng mga kalahok, nakita na itinuturing ng mga guro na makabuluhan ang kanilang karanasan sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay dahil sa ambag nito sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag.

Ayon sa isang kalahok
"Ang aking karanasan ay makabuluhan at puno ng hamon ngunit nagbibigay ito ng pagkakataon na mahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag." (IDI 1)

Dagdag pa ng isang kalahok
"Masasabi kong ito ay makabuluhan ngunit may mga hamon. Nakatutuwang makita ang pag-unlad ng mga bata sa kanilang pagsulat." (IDI 2)

Samantala, sinabi naman ng isa pang kalahok.,
"Sa aking karanasan, ang pagtuturo ng sanaysay sa elementarya ay nangangailangan ng maraming pasensya at gabay mula sa guro." (IDI 3)

Ipinahihiwatig nito na ang pagtuturo ng sanaysay ay hindi lamang nakatuon sa aspektong akademiko, kundi isang mahalagang proseso sa paghubog ng kakayahan sa pagpapahayag ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nagiging makabuluhan ang gampanin ng guro bilang tagapagpadaloy ng kaalaman at kasanayan sa wika. Sinusuportahan ito nina Constantino (2021) at Santos (2020) na nagsasabing ang sanaysay ay isang mahalagang midyum sa pagpapahayag ng damdamin, karanasan, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ipinakita nina Maglupay at Mae (2022) na ang mahusay na pagtuturo ng sanaysay ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng komunikatibong kakayahan

Mahirap na Karanasan
Sa kabilang dako, lumitaw rin sa mga tugon ng mga kalahok ang iba't ibang hamon o mahihirap na karanasan sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay. Kabilang dito ang hirap ng mga mag-aaral sa pagbuo ng ideya, kakulangan sa bokabularyo, at pangangailangan ng masusing paggabay sa proseso ng pagsulat.

Ayon sa isang kalahok,
"Makabuluhan ngunit may mga hamon dahil magkakaiba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat." (IDI 4)
Dagdag pa ng isang kalahok,
"Karanasan ko rin na hindi nila agad nauunawaan ang bawat bahagi tulad ng introduksiyon, katawan at kongklusyon." (IDI 5)



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

Samantala, ibinahagi naman ng isa pang kalahok,
"Sa kabuoan, ang pagtuturo nito sa elementarya ay puno talaga ng hamon ngunit nagbibigay ng kasiyahan ito sa amin bilang guro." (IDI 6)

Ipinahihiwatig nito na ang mga suliraning nararanasan sa pagtuturo ng sanaysay ay may kaugnayan sa kakulangan sa batayang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang hindi maayos na organisasyon ng ideya ay nagiging hadlang sa malinaw na pagpapahayag. Sinusuportahan ito nina Yusuf at Yusuf (2021) na nagsasabing maraming mag-aaral ang nahihirapang magpahayag sa pasulat na anyo dahil sa limitadong kasanayan sa wika. Gayundin, binigyang-diin ni Reyes (2020) na ang kakulangan sa organisasyon ng ideya at kasanayan sa pagsulat ay isa sa mga pangunahing suliranin sa antas elementarya.

Masayang Karanasan
Bukod sa mga hamon, nagbahagi rin ang mga guro ng mga positibo at masasayang karanasan sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay. Nagiging kasiya-siya ang kanilang karanasan kapag nakikita nilang natututo at nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa gawain.

Ayon sa isang kalahok
"Ito'y masayang ituro lalo't higit kung nakikita natin na ang mga mag-aaral ay natututo at naibabahagi ang kanilang karanasan, nararamdaman, at saloobin." (IDI 7)

Dagdag pa ng isang kalahok,
"Nagbibigay ito ng kasiyahan sa amin bilang guro kapag natututong magpahayag ang mga mag-aaral ng kanilang sariling ideya." (IDI 8)

Gayundin, binanggit ng isa pang kalahok,
"Marami ang nagiging interesado kapag nabibigyan ng malinaw na gabay." (IDI 1)

Ipinahihiwatig nito na ang positibong karanasan ng guro ay may malaking impluwensya sa kanilang motibasyon at dedikasyon sa pagtuturo. Ang kasiyahang kanilang nararanasan ay nagsisilbing inspirasyon upang higit pang pagbutihin ang kanilang pagtuturo. Ayon kina Cruz (2018) at Santiago (2019), ang karanasan ng guro ay may direktang epekto sa pagiging epektibo ng pagtuturo at sa pagkatuto ng mga mag-aaral.
Kabuuang Interpretasyon ng Tema
Sa kabuuan, makikita sa mga natuklasan na ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng sanaysay ay masalimuot at binubuo ng iba't ibang dimensyon—makabuluhan, mahirap, at masaya. Ipinahihiwatig nito na ang pagtuturo ng sanaysay ay hindi lamang teknikal na gawain, kundi isang prosesong nangangailangan ng emosyonal, intelektwal, at pedagogikal na pakikilahok ng guro.

Makikita rin na ang mga positibong karanasan ay nagsisilbing motibasyon upang magpatuloy ang mga guro sa kanilang tungkulin sa kabila ng mga hamon, samantalang ang mga mahihirap na karanasan ay nagpapakita ng mga aspektong nangangailangan ng angkop na interbensyon.

Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Constantino (2021) at Santos (2020) hinggil sa kahalagahan ng pagtuturo ng sanaysay sa paglinang ng



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

kakayahan sa komunikasyon, gayundin sa pag-aaral ni Cruz (2018) na nagbibigay-diin sa papel ng karanasan ng guro sa pagiging epektibo ng pagtuturo.

**Tema 2: Kahalagahan ng Pagtuturo ng Sanaysay**

Sa temang ito, inilalahad ang pananaw ng mga guro tungkol sa kahalagahan ng pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya. Batay sa masusing pagsusuri ng datos gamit ang Braun and Clarke Thematic Analysis, lumabas na itinuturing ng mga guro ang sanaysay bilang mahalagang kasangkapan sa paglinang ng iba't ibang kasanayan ng mga mag-aaral. Nabuo ang tatlong pangunahing subtema: paglinang ng kakayahan sa pagpapahayag, pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip, at pagpapahalaga sa wikang Filipino.

Paglinang ng Kakayahan sa Pagpapahayag
Isa sa pinakamahalagang gampanin ng sanaysay ayon sa mga kalahok ay ang pagtulong nito sa mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag ng sariling ideya, damdamin, at karanasan.

Ayon sa isang kalahok,
"Mahalaga ang sanaysay dahil natutulungan nito ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang magpahayag ng saloobin." (IDI 1)

Dagdag pa ng isa pang kalahok,
"Mahalaga ito dahil natututo ang mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang ideya, opinyon, at karanasan sa malinaw na paraan." (IDI 2)

Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ito na ang pagsulat ng sanaysay ay nagsisilbing daluyan upang maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang sariling boses. Sa pamamagitan nito, natututo silang ayusin at ipahayag ang kanilang mga ideya sa malinaw at lohikal na paraan—isang mahalagang kasanayan hindi lamang sa akademikong larangan kundi pati sa pang-araw-araw na buhay. Kaayon ito ng pag-aaral ni Cabigao (2021) na nagsasabing mahalaga ang pagsulat sa paglinang ng kakayahang komunikatibo.

Pagpapaunlad ng Kritikal na Pag-iisip
Bukod sa pagpapahayag, binigyang-diin din ng mga guro ang papel ng sanaysay sa paghubog ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

Ayon sa isang kalahok,
"Para sa akin, napakahalaga ng pagtuturo ng sanaysay dahil dito natututo ang mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang mga saloobin, karanasan, at opinyon." (IDI 3)

Gayundin, binanggit ng isa,
"Nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag, kritikal na pag-iisip, at komunikasyon." (IDI 4)

Ipinahihiwatig nito na ang pagsulat ng sanaysay ay hindi lamang simpleng pagsunod sa pormat, kundi isang prosesong intelektwal kung saan kailangang suriin, ayusin, at pag-ugnay-ugnayin ng mga mag-aaral ang kanilang mga ideya. Dahil dito, nahahasa ang kanilang kakayahan sa pagsusuri, pagbibigay ng opinyon, at lohikal na



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

pangangatwiran. Sinusuportahan ito nina Rivera at Damoco (2023) na nagsasabing ang pagsulat ay nakapagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip.

Pagpapahalaga sa Wikang Filipino
Lumabas din sa datos ang kahalagahan ng sanaysay sa pagpapaunlad at pagpapanatili ng wikang Filipino.

Ayon sa isang kalahok,
"Napakahalaga nito dahil sa pamamagitan ng pagtuturo ng sanaysay ay napapalakas at napapayabong ang ating panitikan at wikang Filipino." (IDI 5)

Ipinahihiwatig nito na ang sanaysay ay hindi lamang isang akademikong gawain kundi isang paraan upang mapanatili at mapayabong ang paggamit ng sariling wika. Sa patuloy na pagsulat, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa estruktura, gramatika, at wastong paggamit ng wikang Filipino. Sinusuportahan ito ng iba't ibang pag-aaral sa wika at panitikan.

Kabuuang Interpretasyon ng Tema
Sa kabuuan, makikita sa mga natuklasan na ang karanasan ng mga guro ay binubuo ng makabuluhan, mahirap, at masayang dimensyon. Ipinahihiwatig nito na ang pagtuturo ng sanaysay ay isang masalimuot ngunit mahalagang proseso sa paglinang ng kakayahan sa pagpapahayag at pag-iisip ng mga mag-aaral. Kaayon ito ng mga pag-aaral nina Constantino (2021) at Santos (2020) hinggil sa kahalagahan ng pagsulat sa edukasyon.

**SULIRANIN 2: Ano ang mga hamon ng mga guro?**

**Tema 3: Mga Hamon ng mga Guro sa Pagtuturo ng Sanaysay**

Sa proseso ng pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya, hindi maiiwasang makaranas ang mga guro ng iba't ibang hamon. Ang mga ito ay nagmumula sa magkakaibang kakayahan ng mga mag-aaral, kakulangan sa kasanayan sa wika (lalo na't mas nasasanay sila sa wikang banyaga), at iba pang salik na nakaaapekto sa kanilang pagkatuto. Batay sa mga nakalap na datos mula sa mga kalahok, lumitaw ang ilang pangunahing suliranin na kinahaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay. Kabilang dito ang kakulangan sa bokabularyo, kahirapan sa pagbuo ng ideya, mababang kumpiyansa sa pagsulat, at kakulangan ng oras sa loob ng klase.

Ang mga hamong ito ay may malaking implikasyon sa paraan ng pagtuturo at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil dito, mahalagang maunawaan ang mga karanasang ito upang makapaglatag ng angkop na mga estratehiya at programang makatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

Hirap sa Pagbuo ng Ideya
Batay sa mga tugon ng mga kalahok, isa sa mga pangunahing hamon ay ang hirap ng mga mag-aaral sa pagbuo ng ideya. Marami sa kanila ang nahihirapang magsimula at hindi agad makapag-organisa ng kanilang mga kaisipan, lalo na kung hindi lubos na nauunawaan ang paksa.



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

Pinatutunayan ito ng pahayag ng isang kalahok:
"Reaksyon nila na hindi sila pamilyar sa paksa o hindi nila agad maikokonekta ang paksa sa karanasan, parang nalilito saan sila magsisimula" (IDI 4)

Sabi pa ng  isa pang kalahok na:
"Sa simula, may mga mag-aaral na nahihirapan o nag-aalangan dahil hindi nila alam kung paano magsisimula." (IDI 5)

Ipinahihiwatig nito na ang kakulangan sa kakayahang mag-organisa ng ideya ay isang malaking hamon sa pagsulat. Sinusuportahan ito ni Reyes (2020) na nagsabing maraming mag-aaral ang nahihirapang bumuo ng lohikal na daloy ng ideya. Gayundin, ipinakita nina Rivera at Damoco (2023) na mababa ang writing competence ng mga mag-aaral dahil sa kahinaan sa pagbuo ng ideya.

Mababang Kumpiyansa
Lumabas din sa datos na ang mababang kumpiyansa ng mga mag-aaral ay isang hamon sa kanilang pagsulat. May mga mag-aaral na natatakot magkamali at nag-aalinlangan sa paggamit ng mga salita, kaya nagiging hadlang ito sa pagpapahayag ng kanilang ideya.

Ayon sa isang kalahok:
"May iilan po na nahihirapan o kinakabahan ngunit marami rin namang nagiging interesado kapag nabibigyan ng malinaw na gabay." (IDI 1)

Dagdag pa rito, binanggit ng isa pang kalahok:
"May mga bata na kinakabahan dahil hindi sila sanay sa pagsusulat at nawawalan sila ng kumpiyansa" (IDI 3)

Ipinahihiwatig nito na ang mababang kumpiyansa ay nakaaapekto sa kanilang partisipasyon sa pagsulat. Ang takot sa pagkakamali ay nagiging sagabal sa kanilang pagkatuto. Sinusuportahan ito ni Reyes (2020) na nagsasabing ang ganitong takot ay nagdudulot ng mababang kumpiyansa sa pagsusulat.

Kakulangan sa Bokabularyo
Isa rin sa mga hamon na kinahaharap ng mga guro ay ang kakulangan sa bokabularyo ng mga mag-aaral, na nagiging dahilan kung bakit nahihirapan silang magpahayag ng kanilang ideya.
May mga mag-aaral na kahit simpleng salita lamang sa tagalog ay hindi nila kayang gamitin sa pangungusap o hindi nila alam ang ibig sabihin, binanggit ito ng isang kalahok:

"Maraming mag-aaral  ang nagtatanong kung ano ang ibig sabihin ng salitang gantto o ganyan, at itatanong pa kung ano sa tagalog ang ganitong salita. Iilan na lamang ang alam nilang salita sa tagalog, limitado lamang"  (IDI 5)

Ipinahihiwatig nito na ang limitadong bokabularyo ay isang pangunahing hadlang sa epektibong pagsulat ng sanaysay. Dahil dito, nahihirapan ang mga mag-aaral na maipahayag nang malinaw ang kanilang kaisipan. Sinusuportahan ito nina Lopres, Dela Cruz, at Villanueva (2023) at ni Cabigao (2021) na kapwa nagbibigay-diin sa kahalagahan ng sapat na bokabularyo sa pagsulat.

Kakulangan sa Oras

Bagama't hindi tahasang binanggit, maaaring mahinuha ang kakulangan sa oras batay sa pangangailangan ng masusing paggabay sa bawat hakbang ng pagsulat.

Ayon sa isang kalahok:

"Hindi agad natututo ang mga mag-aaral kung paano magsulat ng maayos na sanaysay, kaya mahalagang tulungan sila sa bawat hakbang ng proseso." (IDI 5)

Ipinahihiwatig nito na ang limitadong oras ay nakaaapekto sa kalidad ng pagtuturo ng sanaysay. Dahil dito, hindi sapat ang naibibigay na gabay sa mga mag-aaral sa bawat yugto ng pagsulat. Sinusuportahan ito ni Dela Cruz (2019) at nina Tarrayo at Potestades (2022).

**Tema 4: Papel ng Teknolohiya sa Pagtuturo ng Sanaysay**

Sa temang ito, tinatalakay ang impluwensya ng teknolohiya sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay. Lumabas sa pagsusuri na may positibo at negatibong epekto ang teknolohiya sa proseso ng pagtuturo.

Positibong Epekto ng Teknolohiya

Ayon sa isang kalahok,

"Nakatutulong ang teknolohiya upang mas maging interaktibo ang pagtuturo." (IDI 1)

Dagdag pa ng isa,

"Mas madali kaming nakakapagpakita ng halimbawa gamit ang presentasyon at video." (IDI 2)

Kaugnay nito, ipinakita ni Gonzalez (2022) na ang paggamit ng digital tools ay nakatutulong upang maging mas interaktibo ang pagtuturo at mapadali ang pagbibigay ng halimbawa at feedback. Ipinahihiwatig nito na ang teknolohiya ay nagsisilbing kasangkapan upang mapahusay ang pagkatuto.

Mga Hamon sa Paggamit ng Teknolohiya

Sa kabilang banda, may mga hamon din na dulot ang teknolohiya sa pagtuturo ng sanaysay sa Filipuno.

Ayon sa isang kalahok,

"Nakakaapekto ito sa paraan ng pagsusulat ng mga bata dahil nasasanay sila sa maling paggamit ng salita sa social media." (IDI 3)

Dagdag pa,

"Kailangan pa rin ng gabay upang magamit ito nang tama." (IDI 4)

Sinusuportahan ito nina Tarrayo at Potestades (2022) na nagsasabing kinakailangan ang wastong paggabay upang maiwasan ang maling paggamit ng wika. Ipinahihiwatig nito na bagama't may benepisyo ang teknolohiya, mahalaga pa rin ang gabay ng guro.

Kabuuang Interpretasyon ng Tema



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

Sa kabuuan, ang teknolohiya ay isang makabuluhang kasangkapan sa pagtuturo ng sanaysay, ngunit nangangailangan ito ng tamang paggamit. Mahalaga ang papel ng guro upang matiyak na ito ay nagsisilbing suporta at hindi hadlang sa pagkatuto.

**Tema 5: Pag-angkop ng mga Guro sa Pagbabago sa Kurikulum**

Sa temang ito, sinusuri kung paano umaangkop ang mga guro sa mga pagbabagong nagaganap sa kurikulum at kung paano nila ito naiuugnay sa kanilang pagtuturo ng sanaysay.

Pag-angkop sa mga Pagbabago
Ayon sa isang kalahok,
“Kailangan naming iangkop ang aming estratehiya sa mga pagbabago sa kurikulum.” (IDI 1)

Dagdag pa ng isa,
“Bilang guro, natututo kaming mag-adjust sa mga bagong sistema ng pagtuturo.” (IDI 2)

Kaugnay nito, binigyang-diin ni Tacla-Andrews (2024) ang kahalagahan ng pedagogical adaptability upang matugunan ang mga pagbabago sa kurikulum. Ipinahihiwatig nito na may kakayahan ang mga guro na umangkop sa mga pagbabagong pang-edukasyon.

Mga Hamon sa Pagbabago ng Kurikulum
Ayon sa isang kalahok,
“Nagiging hamon ang pabago-bagong kurikulum dahil nag-iiba rin ang paraan ng pagtuturo.” (IDI 3)

Dagdag pa ng isa,
“Hindi palaging natitiyak ang resulta dahil sa pagbabago ng mga paksa at pamamaraan.” (IDI 4)
Sinusuportahan ito ni Dela Cruz (2019) na nagsasabing ang pabago-bagong nilalaman ng kurikulum at kakulangan sa oras ay nagiging hamon sa mga guro. Ipinahihiwatig nito na ang mga pagbabagong ito ay nangangailangan ng patuloy na pag-aangkop ng mga estratehiya sa pagtuturo.

Kabuuang Interpretasyon ng Tema
Sa kabuuan, mahalaga ang kakayahang umangkop ng mga guro sa pagpapatupad ng mga pagbabago sa kurikulum. Ipinapakita nito na ang pagiging flexible at bukas sa pagkatuto ay mahalagang katangian upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon.

**SULIRANIN 3: Ano ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay?**

**Tema 6: Mga Estratehiya ng mga Guro sa Pagtuturo ng Sanaysay**

Sa temang ito, inilalahad ang iba’t ibang estratehiyang ginagamit ng mga guro upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Batay sa pagsusuri ng mga datos gamit ang Braun and Clarke Thematic Analysis, lumitaw na gumagamit ang mga



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

guro ng iba't ibang pamamaraang pedagohikal upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan at kakayahan ng mga mag-aaral. Nabuo ang anim na subtema: brainstorming, paggamit ng graphic organizer, pagbibigay ng halimbawa, pagbibigay ng feedback, peer tutoring, at pag-aangkop ng estratehiya.

Brainstorming

Isa sa mga pangunahing estratehiyang ginagamit ng mga guro ay ang brainstorming upang matulungan ang mga mag-aaral na makabuo ng ideya bago magsimula sa pagsulat.

Ayon sa isang kalahok,
"Pinag-iisip muna namin sila ng mga ideya bago sila magsulat upang hindi sila mahirapan sa pagsisimula." (IDI 1)

Dagdag pa ng isa,
"Sa pamamagitan ng brainstorming, mas nagiging malinaw sa mga bata kung ano ang kanilang isusulat." (IDI 2)

Ang estratehiyang ito ay umaayon sa process approach to writing na binanggit ni Ramos (2021), kung saan binibigyang-diin ang kahalagahan ng pre-writing stage sa pagbuo ng malinaw na ideya bago ang aktwal na pagsulat. Ipinapakita nito na ang brainstorming ay isang mahalagang hakbang na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral upang maipahayag ang kanilang mga ideya nang walang pangamba, na nagsisilbing pundasyon sa mas maayos na pagbuo ng sanaysay.

Paggamit ng Graphic Organizer

Lumabas din sa datos ang paggamit ng graphic organizer bilang gabay sa pag-oorganisa ng ideya.
Ayon sa isang kalahok,
"Gumagamit kami ng graphic organizer para mas maayos nilang maipakita ang daloy ng kanilang ideya." (IDI 3)
Sinabi rin ng isa pang kalahok na,
"Natutulungan nito ang mga bata na makita kung paano nila pagsasama-samahin ang kanilang mga ideya." (IDI 4)

Kaugnay nito, ipinakita ni Ignacio (2020) na ang paggamit ng mga gabay tulad ng graphic organizers ay nakatutulong upang maging organisado at sistematiko ang pagbuo ng ideya ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang graphic organizer ay nagsisilbing visual na gabay na tumutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang istruktura ng sanaysay. Dahil dito, nagiging mas sistematiko ang kanilang pagsulat at mas nakabubuo sila ng sanaysay na may maayos na balangkas.

Pagbibigay ng Halimbawa

Ang pagbibigay ng halimbawa ay isa ring mahalagang estratehiya upang maipakita sa mga mag-aaral ang tamang paraan ng pagsulat.

Sabi ng isang kalahok,
"Mas naiintindihan ng mga bata kapag may halimbawa silang sinusundan." (IDI 5)

Sinabi rin ng isa pa na,

“Pinapakita namin sa kanila kung paano gumawa ng introduksyon, katawan, at kongklusyon.” (IDI 6)

Ipinapakita nito na ang paggamit ng halimbawa ay nagsisilbing modelo na ginagaya ng mga mag-aaral, kaya nagiging mas malinaw sa kanila ang inaasahang output.

Pagbibigay ng Feedback
Mahalaga rin ang pagbibigay ng feedback upang mapabuti ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nalalaman nila kung saan sila nagkamali at kung paano nila mapapahusay ang kanilang gawa. Dahil dito, mas natututo sila at nagiging mas maayos ang kanilang susunod na pagsulat hanggang sa sila ay masanay.

Ayon sa isang kalahok,
“Binibigyan namin sila ng komento upang malaman nila kung saan sila nagkamali.” (IDI 7)
Nabanggit pa ng isa na,

“Mahalaga ang feedback para makita nila kung paano pa nila mapapaganda ang kanilang gawa.” (IDI 8)

Sinusuportahan ito ni Lim (2023) na nagsasabing ang pagbibigay ng formative feedback ay mahalaga upang mapabuti ang kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang feedback ay isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto sapagkat nagkakaroon ng kamalayan ang mga mag-aaral sa kanilang kalakasan at kahinaan.

Peer Tutoring
Isa ring estratehiyang lumitaw ay ang peer tutoring kung saan nagtutulungan ang mga mag-aaral at nagbabahaginan ng kanilang mga ideya.
Ayon sa isang kalahok,
“Pinapagawa namin sila ng pares o grupo upang magtulungan sa pagbuo ng sanaysay.” (IDI 3)

Sinabi rin ng isa,
“Natututo sila sa isa’t isa kapag sila ay nagbabahagi ng ideya.” (IDI 4)

Katulad nito, ipinakita sa pag-aaral ni Augusto Jr. (2022) na ang peer editing at collaborative learning ay nakatutulong sa pagpapataas ng partisipasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang peer tutoring ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong aspeto kundi pati na rin sa pakikipag-ugnayan at kolaborasyon ng mga mag-aaral.

Pag-aangkop ng Estratehiya
Higit sa lahat, binigyang-diin ng mga guro ang kahalagahan ng pag-aangkop ng estratehiya batay sa kakayahan ng mga mag-aaral.

Sinabi ng isang kalahok,
“Kailangang iangkop ang paraan ng pagtuturo depende sa kakayahan ng mga bata.” (IDI 7)



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

Dagdag pa ng isa,
"Hindi pare-pareho ang mga mag-aaral kaya kailangan ding iba-iba ang approach." (IDI 2)

Ipiahihiwatig nito na ang epektibong pagtuturo ay nakabatay sa kakayahan ng guro na maging flexible at sensitibo sa pangangailangan ng mga mag-aaral

Kabuuang Interpretasyon ng Tema
Sa kabuuan, ipinapakita ng temang ito na ang epektibong pagtuturo ng sanaysay ay hindi nakasalalay sa iisang estratehiya lamang. Sa halip, nangangailangan ito ng kombinasyon ng iba't ibang pamamaraang pedagohikal na iniangkop sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Ipinapakita rin na ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, malinaw na gabay mula sa guro, at patuloy na pagbibigay ng feedback ay mahahalagang salik sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

**SULIRANIN 4: Ano ang mga mungkahing programa upang mapabuti ang pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay?**

**Tema 7: Mga Mungkahing Programa para sa Pagpapabuti ng Pagtuturo ng Sanaysay**

Sa temang ito, inilalahad ang mga mungkahing programa ng mga guro upang higit pang mapabuti ang pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya. Batay sa pagsusuri ng mga datos, lumitaw ang mga sumusunod na subtema: writing workshop, programa sa bokabularyo, seminar para sa guro, at reading program.

Writing Workshop
Isa sa mga pangunahing mungkahi ng mga kalahok ay ang pagsasagawa ng writing workshop upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa aktwal na pagsulat.

Ayon sa isang kalahok,
"Mas natututo ang mga bata kapag sila mismo ang nagsasanay sa pagsulat at ginagabayan sa bawat hakbang." (IDI 1)

Dagdag pa ng isang kalahok,
"Mahalaga na may aktwal na gawain kung saan natututo silang bumuo ng sanaysay mula simula hanggang wakas." (IDI 2)

Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Nair (2024) na nagsasabing ang writing workshops ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat. Ipinapakita nito na ang learning by doing ay isang mabisang paraan upang mapaunlad ang kakayahan sa pagsulat, sapagkat nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maisagawa ang kanilang natutuhan sa isang sistematikong proseso.

Programa sa Bokabularyo
Lumabas din sa mga tugon ang pangangailangan ng pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral bilang pundasyon sa mahusay na pagsulat. Dahil mas sanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Ingles, kinakailangan ang mga programang magpapaunlad sa kanilang bokabularyo sa Wikang Filipino.

Ayon sa isang kalahok,
“Isa sa mga problema ng mga bata ay ang kakulangan sa bokabularyo kaya nahihirapan silang magpahayag.” (IDI 3)

Dagdag pa ng isa,
“Kailangan munang palawakin ang kanilang kaalaman sa salita upang makabuo sila ng maayos na pangungusap.” (IDI 4)

Ipinakita nina Lopres, Dela Cruz, at Villanueva (2023) na ang kakulangan sa bokabularyo ay isa sa mga pangunahing hadlang sa mahusay na pagsulat ng sanaysay. Dagdag pa rito, ayon kay Cabigao (2021), mahalaga ang sapat na kaalaman sa bokabularyo upang makabuo ng maayos at organisadong sanaysay.

Seminar para sa mga Guro
Binanggit din ng mga kalahok ang kahalagahan ng patuloy na pagsasanay at pag-unlad ng mga guro lalo na sa mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ng sanaysay.
Sinabi ng isang kalahok na,

“Mahalaga rin na ang mga guro ay nabibigyan ng seminar upang mas mapahusay ang kanilang paraan ng pagtuturo.” (IDI 5)

Dagdag pa ng isang kalahok,
“Kailangan naming matutunan ang mga bagong estratehiya lalo na sa paggamit ng teknolohiya.” (IDI 6)

Sinusuportahan ito ni De Guzman (2021) na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng capacity-building programs para sa patuloy na pag-unlad ng mga guro. Ipinapakita nito na ang kakayahan ng guro ay patuloy na hinuhubog at dapat umaayon sa pagbabago ng panahon.
Reading Program
Isa pang mahalagang mungkahi ay ang pagpapatupad ng reading program upang mapaunlad ang kakayahan sa pag-unawa at pagsulat.
Sinabi ng isang kalahok na,
“Mas natututo ang mga bata sa pagsulat kapag sila ay mahilig magbasa.” (IDI 7)

Dagdag pa ng isa,
“Ang pagbabasa ay nakatutulong upang makakuha sila ng ideya at halimbawa ng maayos na pagsulat.” (IDI 8)

Ito ay umaayon sa pag-aaral nina Rivera at Damoco (2023) na nagsasabing ang pagbasa ay may malaking ambag sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na may malinaw na ugnayan ang pagbasa at pagsulat.

Kabuuang Interpretasyon ng Tema
Sa kabuuan, ang mga mungkahing programa ng mga guro ay nakatuon sa pag-unlad ng parehong mag-aaral at guro. Ipinapakita nito na ang pagpapabuti ng pagtuturo ng sanaysay ay nangangailangan ng isang komprehensibong programa na sumasaklaw sa pagsasanay, bokabularyo, pagbasa, at mga estratehiya sa pagtuturo. Ang mga mungkahing ito ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mga programang

pang-edukasyon na higit na magpapahusay sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

## DISKUSYON

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay nagpakita ng mas malalim na pag-unawa sa mga aktuwal na karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya. Sa pagsusuri ng mga salaysay ng mga kalahok, lumitaw na ang pagtuturo ng sanaysay ay hindi lamang simpleng paglilipat ng kaalaman, kundi isang masalimuot na prosesong nangangailangan ng pasensya, pagkamalikhain, at kakayahang umangkop sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa unang tema, lumabas na ang mga guro ay may iba't ibang karanasan sa pagtuturo ng sanaysay, kabilang ang mga tagumpay at patuloy na hamon sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ipinakita ng mga kalahok na mahalaga ang kanilang papel bilang tagapagpadaloy ng pagkatuto, lalo na sa paggabay sa mga batang may limitadong bokabularyo at kahinaan sa organisasyon ng ideya. Ang natuklasang ito ay kaayon ng pag-aaral nina Cruz (2018) at Santiago (2019), na nagsasabing ang lawak ng karanasan ng guro ay may malaking impluwensya sa kanilang pagiging epektibo sa pagtuturo. Pinatutunayan din nito ang teorya ni Brown (2000) na ang pagkatuto ng wika ay nangangailangan ng makabuluhang interaksyon at wastong paggabay.

Sa ikalawang tema, natukoy na ang pangunahing hamon ng mga guro ay ang kakulangan sa bokabularyo ng mga mag-aaral, limitadong oras sa klase, kakulangan sa interes ng mga mag-aaral, at impluwensya ng paggamit ng wikang Ingles sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Reyes (2020), Gonzalez (2022), at Yusuf at Yusuf (2021), na naglahad na ang kakulangan sa motibasyon, exposure sa Filipino, at sapat na pagsasanay ay nakaaapekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat. Sa kontekstong ito, malinaw na ang mga hamon ay hindi lamang nakasentro sa kakayahan ng mga mag-aaral, kundi maging sa mas malawak na sistemang pang-edukasyon at panlipunang impluwensya.

Sa ikatlong tema, ipinakita ng mga kalahok na gumagamit sila ng iba't ibang estratehiya upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng sanaysay. Kabilang dito ang guided writing, paggamit ng mga visual aids at media materials, peer collaboration, brainstorming, differentiated instruction, at pagbibigay ng agarang feedback. Ang mga estratehiyang ito ay sumusuporta sa mga natuklasan nina Ramos (2021), Augusto Jr. (2022), at Tacla-Andrews (2024), na nagsasabing ang process-based at learner-centered approaches ay nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto ng pagsulat. Ipinakikita rin nito na ang mga guro ay hindi nananatili sa tradisyunal na pamamaraan, kundi patuloy na naghahanap ng mga makabagong paraan upang maging makabuluhan ang pagkatuto.

Sa ikaapat na tema, lumabas na mahalaga ang pagkakaroon ng mga mungkahing programang susuporta sa mga guro, tulad ng seminar-workshops, mentoring programs, writing enhancement activities, at karagdagang pagsasanay sa makabagong estratehiya sa pagtuturo. Ang mungkahing ito ay kaayon ng mga pag-aaral nina De Guzman (2021), Abella (2025), at Nair (2024), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng propesyonal na pag-unlad ng mga guro upang mapanatili ang kalidad



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

ng edukasyon. Ipinapakita nito na ang pagpapaunlad sa kakayahan ng mga guro ay direktang nakaaapekto sa pag-unlad ng kanilang mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng sanaysay ay hinuhubog ng kanilang kakayahang harapin ang mga hamon, gumamit ng epektibong estratehiya, at patuloy na paunlarin ang kanilang propesyon. Ang mga natuklasan ay konsistent sa karamihan ng mga naunang pag-aaral, na nagpapatunay na ang pagtuturo ng sanaysay ay isang dinamiko at kompleks na proseso. Gayunpaman, ipinakita rin ng pag-aaral na sa kabila ng mga hamon, nananatiling mahalaga ang dedikasyon, pagkamalikhain, at kakayahang umangkop ng mga guro sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, higit na nauunawaan ang mahalagang papel ng guro bilang tagapagtaguyod ng literasi at komunikatibong kakayahan sa wikang Filipino.

## Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

*Kongklusyon 1*

Mula sa mga resulta ng pag-aaral, ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng sanaysay ay mailalarawan bilang komplikado at may iba’t ibang aspekto—maaaring maging makabuluhan, mahirap, at nakapagbibigay din ng kasiyahan. Ipinapahiwatig nito na ang pagtuturo ng pagsulat ay hindi lamang simpleng gawaing teknikal, kundi isang proseso na nangangailangan ng emosyonal, pedagogikal, at propesyonal na kahandaan ng guro. Dagdag pa rito, kinikilala ng mga guro ang mahalagang papel ng sanaysay sa pagpapaunlad ng kakayahang magpahayag, kritikal na pag-iisip, at pagpapahalaga sa wikang Filipino. Dahil dito, nananatiling mahalagang bahagi ng kurikulum sa elementarya ang sanaysay.

*Konklusyon 2*

Lumalabas sa pag-aaral na ang mga guro ay nakararanas ng iba’t ibang hamon sa pagtuturo ng sanaysay gaya ng limitadong bokabularyo ng mga mag-aaral, kahirapan sa pagbuo ng ideya, mababang tiwala sa sarili, at kakulangan sa oras. Napag-alaman din na ang teknolohiya ay may dalawang mukha—nagsisilbing tulong upang mapadali ang pagkatuto ngunit maaari ring maging hadlang kung hindi ito nagagamit nang maayos. Ipinakita rin na ang mga guro ay nakaaangkop sa mga pagbabago sa kurikulum, kahit na may kaakibat itong mga pagsubok. Ipinapakita nito na ang mga suliranin sa pagtuturo ay hindi lamang nakasalalay sa kakayahan ng mag-aaral kundi pati na rin sa kalagayan ng proseso ng pagtuturo.

*Kongklusyon 3*

Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang matagumpay na pagtuturo ng sanaysay ay nakasalalay sa paggamit ng iba’t ibang estratehiya tulad ng brainstorming, graphic organizer, pagbibigay ng halimbawa, pagbibigay ng feedback, peer tutoring, at iba pang angkop na pamamaraan. Ipinahihiwatig nito na walang iisang estratehiya na epektibo para sa lahat ng mag-aaral, kaya kinakailangan ang pagiging flexible ng guro



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral at mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat.

*Kongklusyon 4*

Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ang ilang programang maaaring makatulong tulad ng writing workshop, vocabulary enhancement program, seminar para sa mga guro, at reading program. Ipinapakita nito na ang pagpapabuti ng pagtuturo ng sanaysay ay nangangailangan ng mas malawak at sistematikong interbensyon na sumasaklaw hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga guro upang matugunan ang mga natukoy na hamon.

*Kabuuang Kongklusyon*

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng pag-aaral na ang pagtuturo ng sanaysay sa elementarya ay isang masalimuot ngunit mahalagang proseso na nangangailangan ng angkop na estratehiya, sapat na suporta, at patuloy na paglinang ng kakayahan ng mga guro. Sa pag-unawa sa kanilang mga karanasan, hamon, at ginagamit na estratehiya, mas nagiging malinaw ang mga posibleng paraan upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang mga inilahad na mungkahing programa ay maaaring magsilbing gabay sa patuloy na pagpapahusay ng pagtuturo ng sanaysay sa hinaharap.

**Rekomendasyon**

Ang pag-aaral na ito ay nag-aambag sa larangan ng pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas malinaw na pag-unawa sa mga karanasan, hamon, at estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay sa antas elementarya. Higit pa rito, mayroon itong praktikal na kahalagahan sapagkat ang mga natuklasan ay maaaring magsilbing gabay sa mga guro, paaralan, at tagapagplano ng kurikulum sa pagdisenyo ng mga gawaing pampagtuturo at programang tulad ng writing workshop, programa sa bokabularyo, seminar para sa mga guro, at reading program upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

1. Para sa mga guro:
Inirerekomenda ang patuloy na paggamit at pagpapalawak ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng sanaysay tulad ng process-based writing, peer feedback, at paggamit ng mga gabay na akma sa antas ng mag-aaral upang mas mapadali ang pagbuo ng ideya at pagpapahayag.

2. Para sa mga paaralan at administrador:
Magsagawa ng mga seminar, training, at workshop na magpapalawak sa kaalaman at kasanayan ng mga guro, partikular sa paggamit ng makabagong teknolohiya at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat.

3. Para sa mga mag-aaral:
Hikayatin ang aktibong partisipasyon sa pagbabasa at pagsulat upang mapalawak ang bokabularyo, mapalakas ang kumpiyansa, at mapaunlad ang kakayahan sa malinaw na pagpapahayag ng ideya.



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035

4. Para sa mga tagapagplano ng kurikulum:
Isaalang-alang ang pagbibigay ng sapat na oras at angkop na kagamitang panturo para sa pagtuturo ng sanaysay upang mas maging epektibo ang proseso ng pagkatuto.

5. Para sa mga susunod na mananaliksik:
Magsagawa ng mas malawak na pag-aaral gamit ang iba pang disenyo o metodolohiya upang higit pang mapalalim ang pag-unawa sa pagtuturo ng sanaysay sa iba't ibang konteksto.

**Pasasalamat**

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa lahat ng taong naging bahagi ng pagbuo at matagumpay na pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito.

Una sa lahat, lubos na pasasalamat sa Poong Maykapal sa patuloy na paggabay, lakas, at karunungan na Kanyang ipinagkaloob sa buong proseso ng pananaliksik.

Taos-pusong pasasalamat din sa mga kalahok na guro na naglaan ng kanilang oras at bukas-loob na nagbahagi ng kanilang mga karanasan at pananaw. Ang kanilang pakikiisa ang naging pundasyon ng pag-aaral na ito.

Lubos ding nagpapasalamat ang mananaliksik kay Dr. Romeo A. Pilongo, ang tagapayo ng pag-aaral na ito, sa kanyang walang sawang paggabay, mahahalagang mungkahi, at patuloy na suporta na naging mahalaga sa paghubog at pagpapabuti ng pananaliksik.

Ipinapaabot din ang pasasalamat sa mga eksperto na nagbigay ng kanilang oras sa pagbalida ng instrumento, gayundin sa pamunuan ng paaralan na nagbigay pahintulot upang maisagawa ang pag-aaral.

Higit sa lahat, taos-pusong pasasalamat sa pamilya at mga kaibigan ng mananaliksik sa kanilang walang sawang suporta, pag-unawa, at inspirasyon sa buong panahon ng pag-aaral.

Ang lahat ng ito ay hindi maisasakatuparan kung wala ang kanilang tulong at kontribusyon.

**REFERENCES**

Abella, J. Y. (2025). An assessment of Filipino public school teachers' research competence. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 24(2), 88–102.

Augusto Jr., R. (2022). Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field: Isang penomenolohikal na pagsusuri [Master's thesis, Unibersidad ng Pilipinas].

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101.

Cabigao, M. (2021). Improving the basic writing skills of Grade 7 learners in Filipino: An action research in Filipino language. Philippine Journal of Education and Development Studies, 9(1), 55–68.*

Carambas, R., & Tibaldo, E. (2025). Fostering critical thinking in Filipino through media and information literacy. Asian Education Review, 14(3), 45–59.*

Constantino, R. (2021). Sanaysay bilang kasangkapan ng paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mag-aaral. Journal of Filipino Language and Literature, 10(2), 15–28.*

Creswell, J. W. (2013). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (3rd ed.). Sage Publications.

Cruz, M. (2018). Teachers' professional experiences and classroom practices in teaching Filipino writing. Philippine Educational Review, 59(2), 101–118.*

Dela Cruz, A. (2019). Challenges of Filipino language teachers in teaching essay writing in public schools. Language Education Research Journal, 4(1), 35–48.*

De Guzman, F. (2021). Capacity-building programs for Filipino language teachers: A development model. Philippine Journal of Educational Leadership, 5(2), 88–102.*

Estomata, J., Pepito, A., & Baluyos, G. (2025). Enhancing students' vocabulary in Filipino language using game-based learning activity. International Journal of Multidisciplinary Education Research, 13(4), 120–133.*

Estrella, M. (2023). Writing camps and teacher development: An intervention program for Filipino educators. Journal of Language Pedagogy and Practice, 12(2), 66–80.*

Gabayoyo, R. (2023). Mass media exposure and skills in Filipino language of sixth-grade pupils. Philippine Linguistics and Education Journal, 18(1), 22–37.*

Galang, C. (2025). Audiovisual media as a tool for improving motivation in Filipino writing classes. Journal of Educational Media and Technology, 7(1), 55–70.*

Gonzalez, M. (2022). Teachers' pedagogical strategies in developing writing skills among primary students: A phenomenological study [Master's thesis, Universidad de Chile].

Ignacio, F. (2020). Contextualized learning in teaching Filipino essay writing: A classroom-based approach. Asian Journal of Language Education, 6(2), 111–124.*

Kaur, S., & Raman, R. (2022). Peer-assisted writing and reflective practice among primary teachers. Asia-Pacific Journal of Language Teaching, 11(3), 85–99.*

Lariba Jr., P. (2023). Unsung heroes: A phenomenological study on experiences and struggles of special education language teachers [Master's thesis, University of Santo Tomas].

Lim, H. (2023). A phenomenological investigation of international students' perceptions of corrective feedback on grammar in English writing [Doctoral dissertation, University of Leeds].

Long, J., & Teopilus, A. (2023). Students' difficulties in writing expository essays: A phenomenological study. Journal of Language and Education Studies, 15(2), 45–60.*

Lopres, K., Dela Cruz, A., & Villanueva, L. (2023). Strategies in teaching academic essay writing, level of effectiveness, and instructional barriers: The case of Filipino learners. Philippine Journal of Language Teaching, 12(1), 88–104.*

Maglupay, S., & Mae, J. (2022). Stepping into the classroom: A phenomenological study of elementary beginner teachers' journey [Master's thesis, University of the Philippines].

Martinez, V. C. (2025). Formal writing in Filipino: Common experiences in writing Filipino essays of ninth-grade students in special curriculum programs. International Journal for Multidisciplinary Research, 7(3), 44–59.*
Nair, P. (2024). Developing teacher writing competence through reflective mentoring programs. Malaysian Journal of Language and Literacy Education, 9(2), 74–91.*
Palinkas, L. A., Horwitz, S. M., Green, C. A., Wisdom, J. P., Duan, N., & Hoagwood, K. (2015). Purposeful sampling for qualitative data collection and analysis in mixed method implementation research. Administration and Policy in Mental Health and Mental Health Services Research, 42(5), 533–544.
Ramos, L. (2021). Process-based writing instruction in teaching Filipino essays. Language Education Review, 8(2), 98–114.*
Reyes, M. (2020). Student motivation and self-efficacy in essay writing in the Filipino classroom. Philippine Journal of Education Studies, 7(1), 22–37.*
Rivera, A., & Damoco, P. (2023). Filipino writing competence of elementary pupils: A quantitative assessment. Asian Academic Research Journal, 5(4), 41–58.*
Santos, A. (2020). Paglinang ng malikhaing pag-iisip sa pagsulat ng sanaysay. Saliksik: Journal of Filipino Pedagogy, 3(2), 44–59.*
Tacla-Andrews, E. (2024). General education teachers on effective writing strategies in inclusive education: A phenomenological study [Doctoral dissertation, University of California].
Tarrayo, V. N., & Potestades, J. A. (2022). Teachers’ challenges in academic writing instruction in Philippine public elementary schools. Language Teaching Research Quarterly, 31, 44–59.
Tran, N., & Nguyen, L. (2020). Challenges in teaching essay writing among elementary language teachers in Vietnam. Vietnam Journal of Education Research, 8(3), 112–125.*
Van Manen, M. (2014). Phenomenology of practice: Meaning-giving methods in phenomenological research and writing. Routledge.
Yusuf, M., & Yusuf, A. (2021). Exploring teachers’ experiences in teaching writing to elementary learners: A phenomenological study. Asian Journal of Language Pedagogy, 9(2), 55–73.*



Mata, D. A. V., & Pilongo, R. A. (2026). PENOMENOLOHIKAL NA PAGSUSURI SA MGA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSULAT NG SANAYSAY SA ANTAS ELEMENTARYA. The Feurian, 1(1), 413–441. https://doi.org/10.17613/ghah4-at035